**PANTAO**
**The International Journal of the Humanities and Social Sciences**
**Volume 4, Issue 4**
**ISSN 3028-0877 | DOI 10.69651/2022PIJHSS**

# Accuracy in the use of Enclitics by students in essay writing

**Marc Francis Cuyos***
Cebu Technological University- Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: marcfranciscuyos@gmail.com

**Mary Maey G. Laboc**
Cebu Technological University- Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: marymaey2004@gmail.com

**Dhanica Molera**
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: danmolera09@gmail.com

**Grace B. Luna**
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: gracebrigoliluna@gmail.com

ABSTRACT

This study, titled "Accuracy in the Use of Enclitics by Students in Essay Writing," was conducted at Cebu Technological University–Consolacion Campus to examine the proficiency of the respondents—composed of forty-five (45) second-year students—in using enclitics in their essays. The study aimed to determine how frequently various enclitics are used, to assess the level of accuracy in their usage, and to explore whether students' reading habits are related to their writing performance. A mixed-method design was employed, wherein students were asked to write an essay, their outputs were analyzed, and their reading habits were surveyed. Findings revealed that although most students demonstrate proficiency in using enclitics, several enclitics remain underutilized. Thus, the researchers recommend that teachers emphasize the correct usage of enclitics in instruction and provide additional writing exercises. As part of this research, the team also developed a worksheet that teachers may use to support and enhance student learning. It is

*Corresponding author
DOI: http://doi.org/10.69651/PIJHSS0404605

Recommended citation:
Cuyos, M. F., Laboc, M. M. G., Molera, D., & Luna, G. B. (2025). Kawastuhan sa Paggamit ng Ingklitik ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Sanaysay. Pantao (The International Journal of the Humanities and Social Sciences) 4 (4), 6664-6674. http://doi.org/10.69651/PIJHSS0404605

hoped that this study will contribute valuable insights and help improve students' writing skills in the Filipino language.

Keywords: essay, Enclitics, experience, worksheet, learning, writing skills, mixed-method design

Date Submitted: November 18, 2025
Date Accepted: November 28, 2025
Date Published: November 29, 2025

**PANTAO**
**The International Journal of the Humanities and Social Sciences**
**Volume 4, Issue 4**
**ISSN 3028-0877 | DOI 10.69651/2022PIJHSS**

# Kawastuhan sa paggamit ng Ingklitik ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay

**Marc Francis Cuyos**
Cebu Technological University- Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: marcfranciscuyos@gmail.com

**Mary Maey G. Laboc**
Cebu Technological University- Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: marymaey2004@gmail.com

**Dhanica Molera**
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: danmolera09@gmail.com

**Grace B. Luna**
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Consolacion, Cebu, Philippines
Email: gracebrigoliluna@gmail.com

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito, na pinamagatang "Kawastuhan sa Paggamit ng Ingklitik ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Sanaysay," ay isinagawa sa Cebu Technological University Consolacion Campus upang suriin ang kasanayan ng mga respondente na binubuo ng apatnaput lima (45) mag-aaral sa ikalawang taon sa paggamit ng ingklitik sa kanilang mga sanaysay. Layunin naming tukuyin kung gaano kadalas ginagamit ang iba't ibang ingklitik, alamin ang antas ng kawastuhan ng kanilang paggamit, at suriin kung may kaugnayan ba ang kanilang gawi sa pagbabasa sa kanilang kasanayan sa pagsulat. Ginamit namin ang "mix-method design" kung saan nagpagawa kami ng sanaysay sa mga estudyante, sinuri namin ang kanilang mga gawa, at nagtanong tungkol sa kanilang mga gawi sa pagbabasa. Lumabas sa aming pagsusuri na bagama't may kahusayan ang karamihan sa mga estudyante sa paggamit ng ingklitik, may ilang mga ingklitik na hindi gaanong ginagamit. Kaya naman, iminumungkahi namin na bigyang-diin ng mga guro ang pagtuturo ng wastong paggamit ng ingklitik, at magkaroon ng mga karagdagang pagsasanay sa pagsulat. Bilang bahagi ng pananaliksik, bumuo rin kami ng worksheet na maaaring gamitin ng mga guro upang mas mapadali ang pagkatuto ng mga estudyante. Inaasahan naming na ang pananaliksik na ito ay makapagbibigay ng dagdag na kaalaman at makatulong sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa wikang Filipino.

Mga susing salita: sanaysay, Ingklitik, karanasan, worksheet, pagkatuto, kasanayan sa pagsulat, mix method design

## PANIMULA

Ang ingklitik ay isang mahalagang elemento sa pagsulat ng sanaysay na tumutulong sa mga manunulat na maipahayag nang wasto ang kanilang mga saloobin at ideya. Sa pamamagitan ng wastong paggamit ng ingklitik, nagiging mas malinaw at epektibo ang komunikasyon ng mga kaisipan. Ang mga salitang ito ay nagsisilbing tulay na nag-uugnay sa mga ideya, kaya't mas madaling maunawaan ng mga mambabasa ang mensahe ng manunulat. Bukod sa paglikha ng kawastuhan sa mensahe, ang ingklitik ay nagbibigay ng gabay sa mga manunulat upang mas maging organisado ang daloy ng kanilang mga ideya. Ang tamang paggamit nito ay nagreresulta sa mas maayos na pagkakasunod-sunod ng mga argumento at paliwanag, na nagiging dahilan upang mas madaling sundan ng mga mambabasa ang sanaysay. Ang ingklitik ay parang pandikit na nag-uugnay sa mga bahagi ng pangungusap, na nagiging sanhi ng mas buo at magkakaugnay na pahayag. Higit pa rito, nakapagbibigay ito ng ritmo at natural na daloy sa pagsusulat. Nagsisilbi rin itong gabay sa paglalagay ng tamang diin o pokus sa isang ideya. Sa ganitong paraan, nagiging mas makabuluhan at masining ang kabuuan ng isang sulatin.

Ayon kay Reyes (2021), ang paggamit ng ingklitik ay may malaking ambag sa retorika ng isang sanaysay, ngunit nagiging suliranin ito kapag nawawala sa tamang lugar sa loob ng pangungusap. Sa kanyang pagsusuri sa mga sulatin ng mag-aaral sa kolehiyo, napag-alaman niyang laganap ang hindi wastong paglalagay ng ingklitik na nagreresulta sa kalabuan ng mensahe. Naitala ang laman ang isang akda, nababawasan ang epekto nito kung mali ang gamit ng ingklitik. Pinatunayan din sa kanyang datos na ito ay hindi lamang simpleng pagkakamali kundi karaniwang pattern ng kahinaan sa pagsusulat. Maging ang mga mag-aaral sa mas mataas na antas ay hindi ligtas sa ganitong pagkakamali. Binangit naman ni Santos (2020), ang tamang paggamit ng ingklitik ay nagpapabuti sa kohesyon ng mga pangungusap at nagbibigay linaw sa mga ideya na nais ipahayag ng manunulat. Sa kanyang pag-aaral, ipinakita niya na ang wastong paggamit ng ingklitik ay nagreresulta sa mas mataas na antas ng pag-unawa ng mga mambabasa. Dahil dito, mahalaga ang patuloy na pag-aaral at pagsasanay sa tamang paggamit ng ingklitik upang mapabuti ang kalidad ng mga akademikong sulatin.

Ang kawastuhan sa paggamit ng ingklitik ay mahalaga dahil nagbibigay ito ng pagkakataon sa mga mag-aaral na suriin ang kanilang mga karanasan sa pagsulat ng sanaysay. Ang ingklitik din ang siyang nagiging gabay para mas epektibo ang pagpapahayag ng mga ideya at saloobin. Ang kawastuhan sa paggamit ng ingklitik ay nag-aambag sa mas malinaw na pahayag ng sulatin. Dito lumilitaw kung gaano kahalaga ang kaalaman sa estruktura ng wika sa pagsusuri ng sarili. Ang pagkakamali sa maliliit na bahagi ng pangungusap ay maaaring makaapekto sa kabuuang nilalaman ng kanilang sinulat. Dagdag pa rito, nakatutulong ang wastong paggamit ng ingklitik upang maiwasan ang kalituhan sa mambabasa. Nagiging makulay at mas organisado rin ang sulatin kapag ito ay nagagamit nang tama. Sa ganitong paraan, mas nagiging mabisa ang komunikasyon sa pagitan ng manunulat at mambabasa.

Bilang mananaliksik, naranasan ang hamon na masaksihan ang pagsulat ng sanaysay sa mga mag-aaral. Madalas, nahihirapan ang mga mag-aaral na gamitin ang mga ingklitik nang tama, na nagiging sanhi ng hindi pagkakaintindihan sa kanilang mga isinulat. Ang kakulangan sa kaalaman tungkol sa wastong paggamit ng ingklitik ay nagiging hadlang sa kanilang kakayahang ipahayag ang kanilang mga saloobin. Napansin ng karamihan sa mga kamalian ay nauugat sa

kakulangan ng pormal na instruksyon ukol dito. Kadalasan, inuuna ng mga mag-aaral ang nilalaman kaysa sa porma, kaya't napapabayaan ang mga teknikal na bahagi tulad ng ingklitik. Dahil dito, mahalagang isama sa pagtuturo ng pagsulat ang pagbibigay-diin sa wastong gamit ng mga ingklitik. Sa pamamagitan nito, mas nahuhubog ang kasanayan ng mga mag-aaral sa maayos na pagbubuo ng pangungusap. Gayundin, nagiging matatag ang kanilang pundasyon sa paggamit ng wika bilang kasangkapan ng mas malinaw at mabisang komunikasyon. Sa susunod na bahagi ng pananaliksik na ito, tatalakayin ang iba pang salik na nakaaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa tamang paggamit ng wika.

Sa kasalukuyang panahon, ang pag-aaral ng kawastuhan sa paggamit ng ingklitik ay napapanahon dahil sa mga pagbabago sa sistema ng edukasyon at sa mga hamon na dulot ng pandemya. Ang mga mag-aaral ay nahaharap sa iba't ibang sitwasyon na nangangailangan ng mas malinaw na pagpapahayag ng kanilang mga karanasan. Dumami rin ang paggamit ng teknolohiya sa pagsusulat na nakaapekto sa pagtingin sa gramatikal na kaayusan. Nagsimulang lumabo ang kamalayan sa tamang gamit ng mga kataga dahil sa mabilisang komunikasyon. Sa ganitong konteksto, lumalabas ang pangangailangang pag-igihin ang pag-unawa sa mga maliit ngunit mahalagang bahagi ng wika gaya ng ingklitik. Mahalaga ring kilalanin na ang ingklitik ay may malaking papel sa pagbibigay ng tamang diwa at emosyon sa isang pahayag. Kung maisasaayos ang wastong gamit nito, mas mapapahusay ang kasanayan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsusulat. Sa huli, ang masusing pag-aaral ukol dito ay makatutulong upang maitaas ang kalidad ng komunikasyon sa loob at labas ng silid-aralan.

Ang kawastuhan sa paggamit ng ingklitik sa pagsulat ng sanaysay ay mahalaga upang maging malinaw at epektibo ang pagpapahayag ng kaisipan. Ang mga ingklitik tulad ng na, pa, rin, man, nga, at iba pa ay nagbibigay-diin, damdamin, o dagdag na kahulugan sa mga pahayag. Kapag ito ay nailagay sa tamang posisyon, nakatutulong ito sa pagpapalinaw ng ideya at sa pag-iwas sa kalituhan ng mambabasa. Ngunit kung mali ang paggamit nito, maaaring mabago ang kahulugan ng pangungusap o mawala ang kabuuang bisa ng mensahe. Kaya't ang tamang gamit ng ingklitik ay nagpapakita ng kahusayan ng manunulat sa wika at sa masining na pagsulat. Dahil dito, mahalaga ang pananaliksik na ito upang matukoy ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral, maunawaan ang mga karaniwang suliranin na kinakaharap nila sa paggamit ng ingklitik, at makapagbigay ng mga rekomendasyong pamamaraan na maaaring makatulong sa pagpapahusay ng kanilang kasanayan sa akademikong pagsulat gamit ang wikang Filipino. Ang tamang paggamit ng ingklitik ay hindi lamang nakakatulong sa pagbuo ng mas malinaw na pahayag, kundi pati na rin sa pag-iwas sa mga hindi pagkakaintindihan sa komunikasyon. Sa pamamagitan ng tamang paggamit ng ingklitik, mas nagiging epektibo ang pagpapahayag ng mga ideya at saloobin ng mga mag-aaral.

Ang pag-aaral na ito ay mahalaga dahil nagbibigay ito ng mas malalim na pag-unawa sa paggamit ng ingklitik sa pagsulat ng sanaysay. Ang tamang paggamit ng ingklitik ay nakakatulong sa mas malinaw at mas epektibong pagpapahayag ng mga saloobin at damdamin. Kabilang sa mga obserbasyon ang kawalang-katiyakan ng mga mag-aaral sa kung kailan at paano ito dapat gamitin. May mga pagkakataong ginagamit ang ingklitik bilang palamuti lamang, na hindi tumutulong sa pagpapalinaw ng pahayag. Ipinapakita nito na mahalaga ang pagbibigay-tuon sa gramatikal na detalye sa proseso ng pagsulat. Kapag hindi wasto ang paggamit ng ingklitik, maaaring magbago

ang kahulugan ng pangungusap o magdulot ito ng kalituhan sa mambabasa. Bagama't maliliit lamang ang mga ito, malaki ang naitutulong ng ingklitik sa paglinaw at pagbibigay-diin sa mga ideya. Kaya't mahalaga na malinang sa mga mag-aaral ang kasanayan sa tamang paggamit ng ingklitik upang mapabuti ang kanilang kakayahan sa mabisang pagsulat gamit ang wikang Filipino. Higit pa rito, nakatutulong ang pananaliksik na ito upang maipakita ang ugnayan ng kaalaman sa wika at kahusayan sa pagsulat. Nagiging batayan din ito para sa mga guro na bumuo ng mga estratehiya sa pagtuturo ng wastong gamit ng ingklitik. Sa huli, ang pag-aaral ay nagsisilbing ambag sa pagpapalakas ng kasanayang pampanitikan ng mga kabataan.

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang kawastuhan sa paggamit ng ingklitik ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay. Mahalaga ang wastong paggamit ng mga ingklitik gaya ng na, pa, rin, pala, ba, at kasi upang maipahayag nang malinaw at masining ang mga saloobin at ideya ng manunulat. Batay sa personal na karanasan ng mananaliksik sa pagtuturo, at sa pagsusuri ng mga sulatin ng mga mag-aaral, napansin ang karaniwang pag-iwas o maling paggamit ng mga ingklitik, na nagreresulta sa pagkakaltas sa diwa ng pahayag. Ipinapahiwatig nito ang kakulangan sa kaalaman ng mga mag-aaral sa tamang gamit ng ingklitik bilang mahalagang bahagi ng gramatika ng wikang Filipino. Dahil dito, mahalaga ang pananaliksik na ito upang matukoy ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral, maunawaan ang mga karaniwang suliranin na kinahaharap nila sa paggamit ng ingklitik, at makapagbigay ng mga rekomendasyong pedagogikal na maaaring makatulong sa pagpapahusay ng kanilang kasanayan sa akademikong pagsulat gamit ang wikang Filipino. Higit pa rito, nagiging batayan ito sa pagpapayabong ng kurikulum upang higit na mabigyan ng diin ang tamang gamit ng wika. Makatutulong din ang resulta ng pananaliksik na ito sa mga guro upang makabuo ng mga makabagong estratehiya sa pagtuturo. Sa ganitong paraan, nagiging ambag ito hindi lamang sa larangan ng wika kundi pati na rin sa pagpapahusay ng kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, nagbubukas ito ng oportunidad para sa mga mag-aaral na higit na kilalanin ang kahalagahan ng gramatika sa kanilang pang-araw-araw na komunikasyon. Sa huli, inaasahang ang pag-aaral na ito ay magsisilbing gabay para sa mga susunod pang pananaliksik ukol sa mas malalim na pagtalakay ng wika at pagsulat.

Paglalahad ng mga suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong masuri ang kasanayan ng mga mag-aaral sa ikalawang taon sa kolehiyo na kumukuha ng asignaturang Filipino sa Cebu Technological University–Consolacion Campus, Consolacion, Cebu, sa paggamit ng mga ingklitik para sa taong panuruan 2025–2026. Tinitiyak din nitong matugunan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Gaano kadalas gumagamit ang mga mag-aaral ng print media, kabilang ang pahayagan, aklat, magasin, at komiks?
2. Ano-ano ang mga uri ng ingklitik na karaniwang ginagamit ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay?
3. Ano ang antas ng kawastuhan ng mga mag-aaral sa paggamit ng ingklitik sa tamang pagsulat ng sanaysay?
4. Ano ang ugnayan sa pagitan ng exposure ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng ingklitik at ng kanilang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay?

## METODOLOHIYA

Sa pag-aaral na ito ay ginamit ng mananaliksik ang mix-method design na pananaliksik sa pagsulat ng sanaysay. Naniniwala ang mga mananaliksik na ito ay angkop na disenyo para sa paksang "Kawastuhan sa Paggamit ng Ingklitik sa Pagsulat ng Sanaysay" sa mga mag-aaral sa pangalawang taon sa kolehiyo na kumuha ng asignaturang Filipino.

Ang mga respondente ng pananaliksik na ito ay binubuo ng apatnapu't lima (45) mag-aaral na nagmumula sa pangalawang taon na kumukuha ng asignaturang Filipino (Evening Class) ng Cebu Technological University Consolacion-Campus. Gumamit ng purposive sampling ang mga mananaliksik para maging batayan sa pagpili ng mga respondente. Ipinapakita sa Talahayan 1 ang respondente ng pag-aaral.

Sa pag-aaral na ito, ang pangunahing layunin ay surin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa tamang paggamit ng mga mga salitang ingklitik. Pinagawang sanaysay bilang isang kasangkapan upang makolekta ang mga datos mula sa mga mag-aaral. Ang mga nabuong sanaysay ay idinisenyo upang matukoy ang mga posibleng pagkakamali o kahinaan sa paggamit ng mga salitang ingklitik. Sa pamamagitan ng mga sagot ng mga respondente, maaring matukoy ang mga area ng pag-aaral na nangangailangan ng dagdag pagtutok o tulong.

Matapos makalap ang lahat ng datos mula sa 45 respondente, isinagawa ang pagsusuri gamit ang mga batayang estadistikang pamamaraan. Ang pangunahing layunin ng pagsusuring estadistikal ay upang masukat, maipaliwanag, at mailarawan ang antas ng kawastuhan sa paggamit ng ingklitik sa mga sanaysay ng mga mag-aaral sa kolehiyo.

Sinuri ang mga sulatin ng mga respondente upang matukoy ang dami ng paggamit ng bawat uri ng ingklitik, gayundin ang kawastuhan ng paggamit nito batay sa konteksto ng pangungusap. Ginamit ang frequency at percentage upang maipakita ang kabuuang bilang ng mga ginamit na ingklitik at ang proporsyon ng tama at maling paggamit sa bawat uri nito.

## MGA RESULTA AT TALAKAYAN

### Paggamit ng ingklitik sa mga sanaysay ng mga mag-aaral

Batay sa metodolohiyang ginamit sa pag-aaral, sinuri ang mga sanaysay ng apatnapu't limang (45) mag-aaral sa ikalawang taon sa kolehiyo na kumukuha ng asignaturang Filipino sa Cebu Technological University–Consolacion Campus, Consolacion, Cebu para sa taong panuruan 2025–2026 upang matukoy ang kanilang antas ng kasanayan sa wastong paggamit ng mga ingklitik sa pagsulat ng sanaysay. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang kawastuhan sa paggamit ng ingklitik ng mga mag-aaral at maunawaan ang antas ng kanilang kakayahan sa wastong paggamit ng mga katagang ito bilang bahagi ng masining at epektibong pagpapahayag sa wikang Filipino. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga sanaysay ng mga mag-aaral, natukoy ang mga karaniwang pagkakamali at wastong paggamit na makatutulong sa paglinang ng mga estratehiya sa pagtuturo ng wika upang mapaunlad ang kasanayan sa pagsulat.

Ang datos mula sa talahanayan ay nagpapakita ng iba't ibang paggamit ng ingklitik sa bawat sanaysay ng mga respondente. Ayon sa resulta, ang pinakamadalas gamitin na ingklitik ay

ang salitang “na” na may 41.87% (394), na sinundan ng “pa” na may 6.48% (61), “rin” na may 8.40% (79), “raw” at “daw” na parehong may 7.01% (66), “ba” na may 5.74% (54), “lang” na may 3.93% (37), “din” na may 3.61% (34), “naman” na may 3.08% (29), “muna” na may 2.34% (22), “pala” na may 2.3% (20), “sana” na may 1.70% (16), “lang” sa ibang gamit na 1.49% (14), “man” na may 1.17% (11), “kasi” na may 1.06% (10), “nga” na may 1.81% (7), “tuloy” na may 0.64% (6), at ang pinakamababa ay “yata” na may 0.53%. Sa pangkalahatan, makikitang ang mga respondente ay hindi pare-pareho ang paggamit ng ingklitik sa kanilang mga sanaysay.

Ayon kina Palacio at Gustilo (2016), ang mga discourse particles tulad ng ingklitik ay mahalaga sa pagpapahayag ng damdamin at relasyon ng tagapagsalita sa kausap, kaya’t madalas silang lumitaw sa natural na wika. Dagdag pa rito, binanggit ni Kess (1981) na ang paggamit ng mga partikulong ito ay may sosyolinggwistikong halaga dahil nakatutulong ang mga ito upang gawing mas magaan at magalang ang paraan ng pagsasalita. Ang mababang porsyento ng paggamit ng mga ingklitik tulad ng “yata,” “tuloy,” at “sana” ay maaaring nagpapahiwatig na bihira silang gamitin sa kontekstong sinuri ng pag-aaral. Batay sa mga pag-aaral na ito, makikitang ang resulta ng pananaliksik ay sumasang-ayon sa ideya na ang mga ingklitik ay may mahalagang papel sa pagpapayaman ng wikang Filipino at sa pagpapahayag ng emosyon at intensyon sa komunikasyon.

Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta na ang paggamit ng mga ingklitik tulad ng “na,” “pa,” “rin,” at “daw” ay may mahalagang ambag sa pagbibigay ng malinaw at natural na daloy ng komunikasyon sa wikang Filipino. Ipinahihiwatig din nito na ang tamang paggamit ng mga ingklitik ay nakatutulong sa pagpapahayag ng damdamin at sa pagpapalinaw ng kahulugan ng pahayag. Dahil dito, ang pagkakaiba sa antas ng paggamit ng mga ito sa iba’t ibang mag-aaral ay may implikasyong pedagogical, partikular sa pagbuo ng mga epektibong estratehiya sa pagtuturo ng Filipino, lalo na sa pagpapalawak ng kaalaman sa wastong gamit ng mga katagang ito sa magkakaibang konteksto ng komunikasyon.

Antas ng kakayahan sa paggamit ng ingklitik sa pagsulat ng sanaysay

Ang susunod na bahagi ng pag-aaral ay tumutukoy sa antas ng kakayahan ng mga respondenteng mag-aaral sa paggamit ng ingklitik sa pagsulat ng sanaysay. Ipinapakita ng talahanayan na ang dalawampu’t apat (24) na mag-aaral ay nakakuha ng antas na “Mahusay” na may porsyento mula 90% hanggang 99%, na nagpapakita na karamihan ng mga mag-aaral ay may mataas na antas ng pag-unawa sa paggamit ng bahagdan at mahusay na aplikasyon ng konsepto. Samantala, may labing-isa (11) na mag-aaral ang kabilang sa kategoryang “Katamtaman,” na nasa pagitan ng 80% hanggang 86%, na nagpapahiwatig na bagama’t may sapat na kaalaman ang mga ito, mayroon pa ring mga bahagi ng konsepto na kinakailangang paghusayin upang umangat ang kanilang kasanayan. Ang ikatlong kategorya ay may limang (5) mag-aaral na itinuturing na “Di-Gaanong Mahusay,” na nasa pagitan ng 70% hanggang 72%, at nangangailangan ng karagdagang pagsasanay at suporta upang mapabuti ang kanilang kasanayan. Ipinapakita ng datos na bagama’t karamihan ng mga mag-aaral ay may mataas na antas ng kasanayan, may ilang nangangailangan ng dagdag na gabay at interbensiyon upang maabot ang mas mataas na antas ng pag-unawa.

Ayon kina Fraenkel, Wallen, at Hyun (2012), mahalaga ang pagsusuri sa kasanayan ng mga mag-aaral upang matukoy ang mga partikular na aspeto ng pagkatuto na nangangailangan ng masusing pagtutok. Dagdag pa rito, ipinapakita ng teorya ni Bloom (1956) na ang pag-unawa sa iba’t ibang antas ng kasanayan ay kritikal sa pagdidisenyo ng mga layunin at aktibidad sa pagtuturo na nakaayon sa pangangailangan ng bawat mag-aaral. Mula sa pag-alam hanggang aplikasyon at pagsusuri, ang pagkilala sa mga antas na ito ay nagbibigay-daan sa mga guro upang magplano ng

mga estratehiyang makapagpapalalim sa kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral. Sa kabuuan, ipinapakita ng pagsusuri na ang pagkilala sa mga antas ng kasanayan ng mag-aaral ay may mahalagang implikasyon sa pagpapabuti ng kalidad ng pagtuturo at pagkatuto.

Dahil dito, malinaw na ang pagsasaalang-alang sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral ay nagiging mahalagang batayan sa pagdisenyo ng mga interbensyon. Ang mga mag-aaral na may mataas na kasanayan ay maaaring bigyan ng mas malalalim na gawain upang lalong mapaunlad ang kanilang kaalaman, ang nasa katamtaman naman ay nangangailangan ng dagdag na suporta upang maitaas ang kanilang antas ng pag-unawa, at ang nasa mababang kategorya ay dapat mabigyan ng masinsinang gabay at remedial instruction. Dahil dito, mas nagiging epektibo ang estratehiya sa pagtuturo at mas natutugunan ang indibidwal na pangangailangan ng bawat mag-aaral.

Dalas ng pagbabasa ng iba't ibang uri ng babasahin

Kasunod nito, sinuri rin ang dalas ng pagbabasa ng mga mag-aaral ng iba't ibang uri ng babasahin tulad ng aklat, magasin, komiks, at pahayagan upang matukoy kung may kaugnayan ba ang kanilang exposure sa mga babasahin at ang kanilang paggamit ng mga ingklitik sa pagsulat. Ipinapakita ng datos na sa loob ng 30 minutong pagbabasa bawat araw, may isang (1) nagbabasa ng pahayagan, siyam (9) ng aklat, tatlo (3) ng magasin, at apat (4) ng komiks. Sa pagbabasa ng tatlong beses sa isang linggo, ang nagbabasa ng pahayagan ay tumaas sa apat (4), ang aklat ay labing-apat (14), at ang komiks ay nanatili sa apat (4). Dagdag pa rito, ipinapakita rin ng karagdagang datos na sa pagbabasa nang isang beses sa isang buwan, labing-tatlo (13) ang nagbabasa ng pahayagan, labing-apat (14) ng aklat, walo (8) ng magasin, at labindalawa (12) ng komiks.

Ipinahihiwatig ng mga datos na tumataas ang bilang ng nagbabasa habang mas humahaba ang pagitan ng pagbabasa, lalo na sa buwanang pagbabasa. Makikitang ang aklat ang pinakadominanteng babasahin sa lahat ng antas, sinundan ng pahayagan at komiks, habang ang magasin ang may pinakamababang bilang ng mambabasa. Ayon kay Creswell (2014), ang pag-aaral sa mga pattern ng pagbabasa ay nagbibigay ng mahahalagang pananaw sa mga gawi at pangangailangan ng mag-aaral, na nagsisilbing pundasyon sa pagbuo ng epektibong estratehiya sa pagtuturo at pagkatuto. Ayon naman kina Fraenkel, Wallen, at Hyun (2012), ang sistematikong pagsusuri ng datos ay mahalaga upang matiyak na ang mga rekomendasyon ay nakabatay sa matibay na ebidensya. Idinagdag nina Gall at Borg (2007) na ang pag-unawa sa mga pattern ng pagbabasa ay kritikal sa pagdisenyo ng mga estratehiya sa pagtuturo at pagkatuto, lalo na sa konteksto ng edukasyon.

Sa kabuuan, ipinapakita ng pagsusuri na ang mas malawak na exposure ng mga mag-aaral sa iba't ibang uri ng babasahin ay may mahalagang implikasyon sa kanilang kasanayan sa paggamit ng ingklitik sa pagsulat. Ang madalas na pagbabasa ng aklat at pahayagan ay maaaring nagiging susi sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa tamang estruktura ng pangungusap at masining na paggamit ng mga ingklitik. Samakatuwid, ang mga datos na ito ay nagbibigay ng matibay na batayan para sa pagdisenyo ng mga programang pang-edukasyon na higit na nakaayon sa interes, gawi, at pangangailangan ng mga mag-aaral.

## KONKLUSYON

Ipinapakita ng mga resulta ng pag-aaral na ang mga mag-aaral ay nagpakita ng pangkalahatang positibong antas ng kahusayan sa paggamit ng mga ingklitik sa pagsulat, na nagpapakitang marami sa kanila ang may kakayahang gamitin ang mga karaniwang anyo tulad ng na, pa, rin, at daw nang may makatwirang kawastuhan. Gayunpaman, kapansin-pansin din ang pagkakaiba-iba ng kanilang kakayahan sa paggamit ng iba't ibang uri ng ingklitik—lalo na ang mga may mababang antas ng paglitaw gaya ng yata, tuloy, at sana—na nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa mas tiyak at nakatuong mga estratehiya sa pagtuturo ng wikang Filipino. Ipinahihiwatig ng mga pagkakaibang ito na bagama't pamilyar ang mga mag-aaral sa mas madalas gamitin na partikula, maaaring hindi pa nila lubusang nauunawaan ang mas malawak na saklaw ng ingklitik at ang mas pinong tungkulin nito sa iba't ibang konteksto ng komunikasyon. Mahalaga ang pagpapalakas ng pagtuturo sa aspetong ito sapagkat ang mga ingklitik ay may mahalagang papel sa pagpapalinaw, pagiging natural, at pagiging masining ng wikang pasulat at pasalita sa Filipino. Sa pamamagitan ng pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga katangiang pangwika na ito, matutulungan ng mga guro ang mga mag-aaral na magkaroon ng mas mayamang at mas epektibong kasanayan sa wika.

Bilang tugon sa mga natuklasan, inirerekomenda ng pag-aaral ang mas sinadyang integrasyon ng pagtuturong nakatuon sa ingklitik sa pedagohiya ng pagsulat sa Filipino. Hinihikayat ang mga guro na bigyang-diin ang tama at angkop na paggamit ng ingklitik sa mga aralin sa pagsulat upang higit na malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa antas ng pangungusap at diskurso. Mahalaga ring magbigay ng iba-iba at tuloy-tuloy na gawaing pampagsulat tulad ng sanaysay, talata, at malikhaing komposisyon upang mabigyan ang mga mag-aaral ng makabuluhang pagkakataong magpraktis at mailapat ang kanilang kaalaman sa tunay na sitwasyon ng pagsulat. Ang paglalakip ng regular na pagtatasa o feedback session ay makatutulong sa mga mag-aaral na matukoy ang kanilang mga pagkakamali, mapalalim ang pag-unawa, at magkaroon ng higit na kumpiyansa sa wastong paggamit ng mga ingklitik. Dahil mahalaga ring maunawaan ang mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral upang mapaunlad ang pagtuturo, hinihikayat ang mga susunod na pananaliksik na tuklasin ang paggamit ng ingklitik sa iba pang anyo ng sulatin tulad ng talumpati at liham, at suriin kung paano nakapag-aambag ang mga ito sa mas malawak na pag-unlad ng gramatikal na kasanayan.

Dagdag pa rito, maaaring pag-ibayuhin ng mga susunod na pag-aaral ang pagsusuri sa kahalagahan ng wastong paggamit ng ingklitik sa pagpapalawak ng kabuuang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino. Maaari ring siyasatin ng mga mananaliksik ang ugnayan sa pagitan ng paggamit ng ingklitik at ng pag-unlad ng gramatikal na kahusayan, gayundin ang mga espesipikong suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga ito sa iba't ibang uri ng sulatin. Ang mga pag-aaral na ito ay makapag-aambag sa mas malalim na pag-unawa sa papel ng ingklitik sa komunikasyon at magiging batayan ng pagbuo ng mas komprehensibo at mas tumutugong mga estratehiya sa pagtuturo. Sa huli, sa pamamagitan ng pagpapalakas ng pagtuturo at pananaliksik hinggil sa ingklitik, masusuportahan ng mga tagapagturo ang mga mag-aaral sa paglinang ng mas tumpak, mas makabuluhan, at mas masining na paggamit ng wikang Filipino.

MGA SANGGUNIAN

Patil, S. (1955). Ferdinand de Saussure and structuralist theory: A brief illustration. Academia.edu. https://www.academia.edu/3437742/Ferdinand_De_Saussure_and_Structuralist_Theory_A_Brief_Illustrationacademia.edu

Bante, S. (1957). Pagsusuri sa dalawang modelo ni Chomsky. https://www.scribd.com/document/491565652/Pagsusuri-sa-Dalawang-Modelo-ni-Chomsky

The Benildean. (n.d.). Ang Komisyon ng Wikang Filipino: Pagbibigay-buhay. https://read.thebenildean.org

Siano, K. J. (2024, September). EPRA International Journal. https://eprajournals.com/pdf/fm/jpanel/upload/2024/September/202409-02-018205

CourseHero. (n.d.). Ang CHED.docx – Ang CHED memorandum bilang 59, 1996. https://www.coursehero.com

Commission on Higher Education. (1996). CHED Memorandum Order No. 59, series of 1996. https://nlpdl.nlp.gov.ph/CH01/MO/1996/CH0MO0059s1996.pdf

Palacio, M., & Gustilo, L. (2016). A pragmatic analysis of discourse particles in Filipino computer-mediated communication. GEMA Online Journal of Language Studies, 16(3), 1–19. https://pdfs.semanticscholar.org/cea8/503036f335021eb84d4e10fe614dbbd29154.pdf

Kess, J. F. (1981). On the origins of Philippine particle/pronominal sociolinguistic use. Working Papers of the Linguistics Circle, 1(2), 251–265. https://journals.uvic.ca/index.php/WPLC/article/download/5039/1946

Gall, M. D., Gall, J. P., & Borg, W. R. (2007). Educational research: An introduction (8th ed.). Pearson. https://archive.org/details/educationalresea0008gall

Creswell, J. W. (2014). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches (4th ed.). SAGE Publications. https://www.academia.edu/57201640/Creswell_J_W_2014_Research_Design_Qualitative_Quantitative_and_Mixed_Methods_Approaches_4th_ed_Thousand_Oaks_CA_Sage

Fraenkel, J. R., Wallen, N. E., & Hyun, H. H. (2012). How to design and evaluate research in education (8th ed.). McGraw-Hill. https://www.mheducation.com/highered/product/how-to-design-and-evaluate-research-in-education-fraenkel.html